# PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 2024-06

**"NAGPAPATIBAY SA MULING PAG-UURI (*RECLASSIFICATION*) NG LUPANG ISINASALARAWAN SA TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 039- 2013010420 NA MAY KABUUANG SUKAT NA PITONG LIBO TATLONG DAAN LIMAMPU'T ANIM METRO KWADRADO (7,356 SQ.M.), NA PAGMAMAY-ARI NG XIN RECYCLING INDUSTRIAL INCORPORATED NANAKADATAL SA BARANGAY MALAMIG, BUSTOS, BULACAN MULA AGRIKULTURAL TUNGO SA INDUSTRIYAL AT KOMERSYAL."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Soliman C. Santos**
*Tagapangulo*
**Lupon sa Pagawaing Bayan, Pagamit ng Lupa at Pabahay**

---

**SAPAGKA'T,** alinsunod sa Seksiyon 20 ng Republic Act 7160, kilala din bilang Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Sangguniang Bayan ay binibigyang kapangyarihan na muling uriin ang mga lupang sakahan at itakda ang pamamaraan ng paggamit nito;

**SAPAGKA'T**, nagsumite ng kahilingan ang Xin Recycling Industrial Incorporated nakinatawan ni G. Rex A. Manlapaz para sa muling pag-uri o pagreklasipika ng lupang isinasalarawan sa Transfer Certificate of Title No. 039-2013010420 na may kabuuang sukat na pitong libo tatlong daan limampu't anim metro kwadrado (7,356 sq.m.), na pagmamay-ari ng Xin Recycling Industrial Incorporated na nakadatal sa barangay Malamig, Bustos, Bulacan mula agrikultural tungo sa industriyal at komersyal;

**SAPAGKA'T,** ang pagkakaroon ng karagdagan establisiyemento ay makakatulong para sa kaunlaran ng nasabing barangay, na makakatulong sa pagbalanse ng pag-unlad ng bawat barangay sa bayan ng Bustos, Bulacan;

**SAPAGKA'T,** ang pagkakaroon ng karagdagang negosyo ay makakatulong sa pagtaas ng antas ng pag-eempleyo at kabuhayan sa mga mamamayang Bustosenyo;

**SAPAGKA'T,** ang establisiyementong itatayo sa nasabing lupa ay hindi makakasira sa kalikasan, kapaligiran at kalusugan ng mga mamamayang nakapalibot rito.

**SAPAGKA'T,** ang mga nasabing lupain ay hindi na ginagamit sa gamit agrikultural at mas magiging kapakipakinabang kung gagamitin sa gamit pang-industriyal at komersyal.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. SOLIMAN C. SANTOS**, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ng mga Kasangguning dumalo sa pulong na ito:

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA** na pagtibayin ang kahilingan ng Xin Recycling Industrial Incorporated na muling pag-uri o pagreklasipika ng lupang isinasalarawan sa Transfer Certificate of Title No. 039-2013010420 na may kabuuang sukat na limang libo tatlong daan limampu't anim metro kwadrado (7,356 sq.m.) na nakadatal sa barangay Malamig, Bustos, Bulacan mula agrikultural tungo sa industriyal at komersyal.

**SA PASUBALI,** na ang may-ari ng nasabing lupa ay tatalima sa Pambayang Kautusan Blg. 2022-15 na may pamagat na "**REQUIRING ALL BUSINESSES AND COMPANIES OPERATING WITHIN THE MUNICIPALITY OF BUSTOS SHALL BE COMPOSED OF AT LEAST SEVENTY PERCENT (70%) RANK AND FILE EMPLOYEES WHO ARE RESIDENTS OF BUSTOS, BULACAN**" at iba pang mga regulasyon, batas at patakarang itinatadhana ng batas bago magamit ang nasabing lupa sa industriyal at komersyal.

**SA PASUBALI,** pa na ang establisiyementong itatayo sa nasabing lupa ay hindi magiging sanhi ng pagkasira ng kapaligiran o magdudulot ng polusyon at hindi magdudulot ng panganib o kapahamakan sa buhay at kalusugan ng mga mamamayan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-6 ng Mayo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Niña Nikkie Perez, MA**<br>Kasangguni | **Leo T. Santos**<br>Kasangguni |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasangguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni |

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Engr. Fortunato SJ. Angeles**
ABC President

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**PAGPAPATUNAY:**

Pinatutunayan ko na ang Kautusang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-6 ng Mayo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim

***Sinang-ayunan:***

Nilagdaan ngayong ika-___ ng _______________ 2024

**FRANCIS ALBERT G. JUAN**
Punong Bayan